

**May karapatan kang makatanggap ng “Tapat na Pagtatantya”
na nagpapaliwanag sa kung magkano ang gastos sa iyong pangangalagang pangkalusugan
You have the right to receive a “Good Faith Estimate”
explaining how much your health care will cost**

Sa ilalim ng batas, kailangang bigyan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang **mga pasyente na walang partikular na uri ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan o hindi gumagamit ng mga partikular na uri ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan** ng tantya ng kanilang bill para sa mga item at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan bago ibigay ang mga item at serbisyonang iyon.

- Mayroon kang karapatang mabigyan ng Tapat na Pagtatantya para sa kabuuang inaasahang gastos sa anumang item o serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan kapag hiniling o kapag mag-iiskedyul ng mga naturang item o serbisyo. Kabilang dito ang mga nauugnay na gastos gaya ng mga medikal na pagsusuri, inireresetang gamot, equipment, at bayarin sa ospital.
- Kung mag-iiskedyul ka ng item o serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nang kahit 3 araw ng negosyo na mas maaga, tiyaking bibigyan ka ng iyong provider o pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ng Tapat na Pagtatantya nang nakasulat sa loob ng 1 araw ng negosyo pagkatapos ng pag-iiskedyul. Kung mag-iiskedyul ka ng item o serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nang kahit 10 araw ng negosyo na mas maaga, tiyaking bibigyan ka ng iyong provider o pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ng Tapat na Pagtatantya nang nakasulat sa loob ng 3 araw ng negosyo pagkatapos ng pag-iiskedyul. Maaari ka ring humiling ng Tapat na Pagtatantya sa anumang provider o pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan bago ka mag-iiskedyul ng item o serbisyo. Kung gagawin mo ito, tiyaking bibigyan ka ng provider o pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ng Tapat na Pagtatantya sa loob ng 3 araw ng negosyo pagkatapos mong humiling.
- Kung makakatanggap ka ng bill na hindi bababa sa \$400 na higit pa para sa anumang provider o pasilidad kumpara sa iyong Tapat na Pagtatantya mula sa provider o pasilidad na iyon, maaari mong i-dispute ang bayarin.
- Tiyaking mag-save ng kopya o larawan ng iyong Tapat na Pagtatantya at bayarin.

Para sa mga tanong o higit pang impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa Tapat na Pagtatantya, bisitahin ang www.cms.gov/nosurprises/consumers, mag-email sa FederalPPDRQuestions@cms.hhs.gov, o tawagan ang 1-800-985-3059.

PAHAYAG SA BATAS SA PRIVACY: Awtorisado ang CMS na kolektahin ang impormasyon sa form na ito at anumang suportang dokumentasyon sa ilalim ng seksyon 2799B-7 ng Batas sa Serbisyo sa Pampublikong Kalusugan, alinsunod sa idinagdag ng seksyon 112 ng Batas sa Walang Surpresa, titulo I ng Batas sa Konsolidadong Pagaangkop ng Dibisyon ng BB, 2021 (Pub. L. 116-260). Kailangan namin ang impormasyon sa form para maiproseso ang iyong kahilingan para magsimula ng dispute sa bayad, i-verify ang kwalipikasyon ng iyong dispute para sa proseso ng PPDR, at para matukoy kung may anumang salungatan ng interes sa hiwalay na entity ng resolusyon sa dispute para mapagpasyahan ang iyong dispute. Maaari ding gamitin ang impormasyon para: (1) sumuporta ng pasya sa iyong dispute; (2) suportahan ang kasalukuyang operasyon at pamamahala ng programa ng PPDR; (3) tasahin ang pagsunod ng napiling IDR entity sa mga alituntunin ng programa. Boluntaryo ang pagbibigay ng hiniling na impormasyon. Pero ang hindi pagbibigay nito ay maaaring magpaantala o pumigil sa pagpoproseso ng iyong dispute, o maaari nitong magdulto ng pasya sa iyong dispute na pabor sa providero pasilidad.